ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Kabisaan ng Paggamit ng Musika sa Interpretatibong Antas ng Pag-unawa ng mga Tula

Marlon A. Salidania*[1], Melodena C. Brazil, PhD[2]
[1] General Santos City National High School, [2] Dadiangas North High School
Corresponding Author e-mail: *salidaniamarlon@gmail.com*

**Received**: 20 April 2025 **Revised**: 20 May 2025 **Accepted**: 22 May 2025

**Available Online**: 23 May 2025

**Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

https://doi.org/10.63498/etcor333

***Abstrak***
**Layunin:** Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang kabisaan ng paggamit ng musika sa pagtuturo ng pakikinig ng tula.
**Metodolohiya:** Ginamit sa pag-aaral na ito ang explanatory sequential mixed method na kung saan tinukoy sa pag-aaral na ito ang antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa lunsarang tula bago at matapos ang eksperimento upang matingnan kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Tiningnan din ang ambag ng musika sa pag-unawa ng tula sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga respondente mula sa General Santos City National High School.
**Resulta:** Sa isinagawang pag-aaral, 4.71 ang natamong mean score na katumbas ng katamtamang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral bago isinagawa ang eksperimento. Samantala, pagkatapos ng eksperimento, 7.35 naman ang natamong mean score na katumbas ng mahusay na antas ng pag-unawa at natukoy na may makabuluhang pagkakaiba ang antas interpretatibong pag-unawa sa tula ng mga mag-aaral. Ang mga datos mula sa kwantitatibo ay sinuportahan ng resulta ng kwalitatibong datos kung saan natukoy na ang paggamit ng musika ay nagpapanatili ng pokus ng mga mag-aaral, nagpaparelaks, at nakatutulong na maunawaan ang kahulugan ng pinakinggang tula.
**Konklusyon:** Batay sa resulta, masasabing epektibo ang paggamit ng musika sa pakikinig ng tula ng mga mag-aaral.

***Mga pangunahing salita:*** *musika, tula, interpretatibong pag-unawa*

## PANIMULA

Ang edukasyon ay isa sa mga napakahalagang salik sa pagkatuto ng isang indibidwal. Isa ito sa pundasyon sa kinabukasan ng isang tao. Sa pagtamo nito, kailangan ang puspusang pagkatuto sa mga bagay-bagay tungo sa pagpapaunlad sa sarili na dapat matamo ng isang tao. Sa kasalukuyan, ang pag-aaral ay maituturing na isa sa mga pangunahing pangangailangan ng tao upang mabuhay nang maayos ngunit malaking suliranin ang kinakaharap sa pandaigdigang edukasyon ngayon.

Ayon kina Jakubowski et al. (2024), dahil sa pandemya, naantala ang klase sa buong mundo na nagresulta sa pagbaba sa pandaigdigang kalidad ng edukasyon. Batayan dito ang resulta na inilabas ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong taong 2023.

Makikita sa resulta na bumaba ang kuha ng mga kalahok sa lahat ng aspekto, mula sa Matematika, Siyensya, at maging sa Pagbasa. Ayon kay Chi (2024), isa sa mga bansang hindi nakaabot sa *average scores* sa buong mundo ay ang Pilipinas na kung saan ang *Reading Comprehension* ang may pinakamababang puntos.

Ang *reading comprehension* o pag-unawa sa pagbasa ay may malaking papel na ginagampanan sa mga mag-aaral dahil saklaw nito ang lahat ng asignatura. Kahit na sa pag-unawa sa pakikinig ay may malaki itong kaugnayan.

Binanggit sa pag-aaral nina Hoover et al. (2020), ang simulain ng teoryang *Simple View of Reading Comprehension* nina Gough at Tunmer na ang pang-unawa sa pagbasa ay produkto sa pagpapakahulugan ng mga tekstong nakasulat at pag-unawa sa pakikinig. Ipinaliwanag din sa teoryang *Simple View of Reading Comprehension* na ang kakulangang sa kakayahan sa pagpapakahulugan sa pagbasa ng isang tao, maaari pa rin itong magaling sa



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

pag-unawa basta mapakinggan nila ang teksto. Ngunit, kung ang tao ay may kahinaan sa pag-unawa sa pakikinig, nangangahulugan na mahihirapan siya sa pag-unawa sa pamamagitan nang pagbabasa.

Kung gayun, malaki ang problemang kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pakikinig ng tula dahil direktang may kaugnayan ito sa pag-unawa sa pagbabasa kaya marapat lamang na pagtuunan ng pansin ang pagtuturo sa pakikinig sa pamamagitan ng paghahanap ng mga estratehiyang aangkop upang maipaunawa ng mabuti ang aralin sa pamamagitan ng pakikinig. Maihahalintulad ang nabanggit na suliranin sa mga naging karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng tula sa pamamagitan nang pakikinig. Isa sa mga malaking suliranin ay ang pagpapanatili sa atensyon ng mga mag-aaral sa pakikinig ng tula. Gayun din ang kakulangan ng mga mag-aaral sa paggamit ng imahinasyon upang mabuo sa isip ang sitwasyong inilalarawan na nakatutulong sa pag-unawa sa ideyang hindi direktang isinasaad sa bawat saknong.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang kabisaan ng paggamit ng musika sa antas interpretatibo sa pag-unawa ng mga tula ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng General Santos City National High School Science Curriculum.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang kabisaan ng paggamit ng musika sa antas interpretatibo sa pag-unawa ng mga tula ng mga mag-aaral.

Sinagot sa pag-aaral ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang bago ang experimento sa sumusunod na uri ng tula:
    - 1.1. pastoral;
    - 1.2. oda;
    - 1.3. dalit; at,
    - 1.4. elehiya?
2. Ano ang antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitan ng musika ang mga lunsarang tula na:
    - 2.1. pastoral;
    - 2.2. oda;
    - 2.3. dalit; at,
    - 2.4. elehiya?
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento sa mga uri ng tula na:
    - 3.1. pastoral;
    - 3.2. oda;
    - 3.3. dalit; at,
    - 3.4. elehiya?
4. Paano nakaambag ang musika sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pinakinggang tula?

**Haypotesis**

Ang hypothesis ay sinubok sa 0.05 antas ng kabuluhan:

Ho: Walang makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento sa mga uri ng tula na pastoral, oda, dalit, at elehiya.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang mixed method design. Partikular na ginamit dito ang explanatory sequential mixed method kung saan tinukoy sa pag-aaral na ito ang antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa lunsarang tula bago at matapos ang eksperimento. Pagkatapos, tiningnan kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Tiningnan din ang ambag ng musika sa pag-unawa ng tula sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga respondente.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Kalahok at Sampling Teknik**

Para sa kwantitatibong pag-aaral, ang mga respondente ay mga mag-aaral sa Science Curriculum ng Ikawalong Baitang ng General Santos City National High School sa Taong Panuruan 2022-2023 na may kabuoang bilang na tatlumpu't apat (34). Pinili ang mga mag-aaral gamit ang purposive sampling kung saan napabilang ang mga kalahok sa pag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Science Curriculum. Samantala, sa kwalitatibong pag-aaral naman, convenience sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng limang boluntaryong mga mag-aaral na kinapanayam sa pagtukoy sa ambag ng musika sa pag-unawa sa pakikinig ng tula.

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay isang pagsusulit upang sukatin ang kasanayan ng mga magaaral sa pag-unawa ng tulang napakinggan. Ito ay nasa anyong multiple choice at binuo gamit ang talaan ng espesipikasyon. Ang balidasyon ay isinagawa sa pamamagitan ng content validity, kung saan anim na eksperto sa edukasyon ang nagsuri at nagbigay ng opinyon upang matiyak ang angkop na nilalaman ng pagsusulit.

Para naman sa kwalitatibong pagkalap ng datos, ginamit ang pakikipanayam sa tulong ng Gabay na mga Katanungan upang matukoy ang ambag ng musika sa pag-unawa ng tulang napakinggan ng mga mag-aaral.

**Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Ang mga datos ay tinipon, sinuri, at pinag-aralan nang naaayon sa layunin ng pag-aaral at pagsunod sa mga itinakdang panuntunan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Sinimulan ang pangangalap ng datos mula sa pagpapadala ng liham pahintulot sa Superintendente ng mga Paaralan ng Dibisyong Panlungsod, pagpapadala ng liham sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral, mga taong sangkot sa pag-aaral, hanggang sa mga kalahok at kanilang mga magulang.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Sa pag-analisa ng kwantitatibong datos sa pag-aaral na ito, ginamit ang mean at t-test. Kinuha ang mean score sa kuha ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pagsusulit sa pag-unawang interpretatibo sa pakikinig ng mga tula ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang bago at pagkatapos gamitan ng musika ang pagpaparinig sa mga lunsaran dahilan upang matukoy ang antas ng kanilang pag-unawa sa tulang napakinggan at ang makabuluhang pagkakaiba nito. Sa pagpapakahulugan ng datos, ginamit ang Robert Ebel's Criteria of Mastery nina Ebel at Livingston. Para naman sa kwalitatibong pag-analisa ng datos, ginamit ang 2006 thematic analysis nina Braun at Clarke sa pag-oorganisa at pagpapakahulugan ng mga datos.

**Mga Etikal na Pagsasaalang-alang**

Tiniyak ng mananaliksik na nasusunod ang konsiderasyong etikal na mandato ng Holy Trinity College of General Santos City sa pagsasagawa ng pag-aaral upang maiwasan ang pang-aabuso sa karapatan ng bawat kalahok at mga taong sangkot sa pag-aaral na ito.

**RESULTA AT INTERPRETASYON**

**Antas ng Interpretatibong Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tula Bago ang Experimento**

Ang antas ng interpretatibong pag-unawa ay ang pagbibigay ng inaasahang kahulugan ng mga salita na hindi tuwirang sinabi ng may akda. Sa pamamagitan ng pag-unawa ng teksto makikilala ang layon ng may akda.

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulang pastoral bago ang eksperimento.

**Talahanayan 1. Antas ng Interpretatibong Pag-unawa sa Tula ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang Bago ang Eksperimento**

| Indicators | Mean Score | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Pastoral | *8.03* | Mahusay |
| 2. Oda | *5.41* | Katamtaman |
| 3. Dalit | *4.71* | Katamtaman |
| 4. Elehiya | *5.35* | Katamtaman |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

| | | |
|---|---|---|
| **Kabuoang Mean Score** | ***5.88*** | **Katamtaman** |

Malinaw na inilahad sa talahanayan ang buod ng antas ng interpretatibong pag-unawa sa tula ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang bago ang eksperimento sa apat na lunsaran kung saan nagkaroon ng kabuoang *mean score* na *5.88* na napabilang sa deskripsyong katamtaman. Mula sa kuha ng mga mag-aaral sa lunsarang Pastoral, may pinakamataas na *mean score* ito na *8.03* na mahusay ang deskripsyon. Samantalang sa lunsarang Oda may *5.41* na *mean score* na katamtaman ang deskripsyon. Pinakamababa naman ang *mean score* ng lunsarang Dalit na *4.71* na nasa katamtaman ang deskripsyon.

Bago ang paglalapat ng musika, isa lamang sa mga lunsaran ang maraming mag-aaral kung saan nakakuha ng maraming wastong sagot at nasa deskripsyong mahusay, ang natitirang tatlo ay nasa katamtaman lamang. Nangangahulugan lamang itong tatlo sa apat na lunsaran ang hindi nagbabago ang deskripsyon sa kuha ng mga mag-aaral at pantay lamang ang antas ng pag-unawa rito. Samakatuwid, halos pantay lamang ang dating kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa ng mga lunsaran.

Binanggit sa panaliksik ni Du (2022), isa sa mga kategorya ng Schema Theory ang *Content Schema*. Ito ang dating kaalaman ng isang tao sa paksa na pundasyon sa pag-unawa. Kaugnay sa kategoryang ito, mahihinuha na nasa katamtaman na ang dating kaalaman ng mga mag-aaral bago isinagawa ang eksperimento.

**Antas ng Interpretatibong Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tula Matapos Gamitan ng Musika**

Matapos ang pagpaparinig ng tulang pastoral, oda, dalit, at elehiya na sinabayan ng pagpapatugtog ng musika, makikita sa ibaba ang kuhang iskor ng mga mag-aaral sa apat na lunsarang ito.

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulang pastoral matapos gamitan ng musika.

**Talahanayan 2 Buod ng Antas ng Interpretatibong Pag-unawa sa Tulang mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang Matapos Gamitan ng Musika**

| Indekeytor | Mean Score | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Pastoral | *8.79* | Napakahusay |
| 2. Oda | *6.91* | Mahusay |
| 3. Dalit | *6.62* | Mahusay |
| 4. Elehiya | *7.06* | Mahusay |
| **Kabuoang Mean Score** | ***7.35*** | **Mahusay** |

Malinaw na ipinapakita sa talahanayan ang kuha ng mga mag-aaral sa panghuling pagtataya sa antas interpretatibong pag-unawa sa apat na lunsarang tula pagkatapos ginamitan ng musika ang pagpaparinig dito. Mayroon itong kabuoang *mean score* na *7.35* na mahusay ang deskripsyon. Ang *mean score* ng unang lunsarang tula na Pastoral ay *8.79* na napakahusay ang deskripsyon, *7.06* sa Elehiya na mahusay ang deskripsyon, at *6.62* sa Dalit na mahusay rin ang deskripsyon.

Makikitang napakahusay at mahusay lamang ang pangkalahatang kuha ng mga mag-aaral sa lahat ng lunsaran na nangangahulugang sa kabuoang paggamit ng musika sa pakikinig ng tula, mas mataas sa karaniwang iskor ang nakuha ng mga kalahok na masasabing mas mabisa ang paggamit ng musika kumpara sa tradisyunal na pamamaraan.

Tugma ito sa sinabi ni Degrave (2022), sa pangkalahatan mahihinuha ang positibong epekto ng paggamit ng musika sa pagpapataas sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Kuha ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa ng mga Tula Bago at Pagkatapos ng Eksperimento**

Makikita sa mga talahanayan sa ibaba ang *mean score*, *t -value, p-value,* at ang pagpapasya kung ang bawat lunsarang tula na ginamit sa pag-aaral na ito ay may makabuluhang pagkakaiba sa pag-unawa ng tula bago at pagkatapos ng eksperimento.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulang pastoral bago at pagkatapos ng eksperimento.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Talahanayan 3.1. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Interpretatibong Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tulang Pastoral Bago at Pagkatapos ng Eksperimento**

| Kategorya | *Mean* | *t-value* | *p-value* | *Remarks* |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pag-unawa Bago ang Eksperimento | *8.03* | *4.100* | *0.000* | **Makabuluhan** |
| 2. Pag-unawa Pagkatapos ng Eksperimento | *8.79* | | | |
| ***Mean Difference*** | ***0.76*** | | | |

Makikita sa talahanayan ang resulta ng *t-test*. Ang natamong *t-value* ay *4.100* samantalang *0.000* naman ang *p-value*. Dahil ang *p-value* ay *<0.05*, nangangahulugan itong may makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento. Ibig sabihin, pagkatapos sabayan nang pagpapatugtog ng musika ang pagbabasa ng Pastoral na tula ay nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kuha ng mga mag-aaral. Kung kaya, hindi tatanggapin ang *null hypothesis* na walang makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento sa tulang Pastoral. Batay sa naging resulta, maituturing na mabisa sa pag-unawa ng tula ang sabay na pagpapatugtog ng musika sa pakikinig ng lunsarang tula.

Ang resulta sa itaas ay magkahawig sa resulta at natuklasan sa pag-aaral nina Dzanic at Pejic (2019), ang musika ay may positibong resulta sa pagpapanatili ng kaalaman ng isang tao, ano mang estilo ng pagkatuto, aangkop ang musika sa paghubog ng kaaalaman kung kaya nagpapataas ito ng pag-unawa sa napakinggan lalo na kung nagagamit sa wastong oras at wastong panahon kung kailan kinakailangan ng isang tao ang pamamaraang ito.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.2 ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulang oda bago at pagkatapos ng eksperimento.

**Talahanayan 3.2. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Interpretatibong Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tulang Oda Bago at Pagkatapos ng Eksperimento**

| Kategorya | *Mean* | *t-value* | *p-value* | *Remarks* |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pag-unawa Bago ang Eksperimento | *5.41* | *7.707* | *0.000* | **Makabuluhan** |
| 2. Pag-unawa Pagkatapos ng Eksperimento | *6.91* | | | |
| ***Mean Difference*** | ***1.5*** | | | |

Inilahad sa talahanayan ang resulta ng *t-test*. Ang natamong *t-value* ay *7.707* samantalang *0.000* naman ang *p-value*. Dahil ang p-value ay *<0.05*, nangangahulugan itong may makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento. Ibig sabihin, pagkatapos sabayan nang pagpapatugtog ng musika ang pagbabasa ng Oda na tula ay nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kuha ng mga mag-aaral. Kung kaya, hindi tatanggapin ang *null hypothesis* na walang makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento sa tulang Oda.

Batay sa naging resulta, maituturing na mabisa ang sabay na pagpapatugtog ng musika sa pakikinig ng tulang Oda. Supportado ito sa pag-aaral ni Sebastian (2019), kung saan natuklasan na epektibo ang paggamit ng musika sa pagtuturo ng panulaan at napahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral dito.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.3 ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulang dalit bago at pagkatapos ng eksperimento.

**Talahanayan 3.3.Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Interpretatibong Pag-unawa ng mga mag-aaral sa Tulang Dalit Bago at Pagkatapos ng Eksperimento**

| Kategorya | *Mean* | *t-value* | *p-value* | *Remarks* |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pag-unawa Bago ang Eksperimento | *4.71* | *7.959* | *0.000* | **Makabuluhan** |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2. Pag-unawa Pagkatapos ng Eksperimento | *6.62* | | | |
| ***Mean Difference*** | ***1.91*** | | | |

Makikita sa talahanayan ang resulta ng *t-test*. Ang natamong *t-value* ay *7.959* samantalang *0.000* naman ang *p-value*. Dahil ang p-value ay *<0.05,* nangangahulugan itong may makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento. Ibig sabihin, pagkatapos sabayan nang pagpapatugtog ng musika ang pagbabasa tulang Dalit ay nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kuha ng mga mag-aaral. Kung kaya, hindi tatanggapin ang *null hypothesis* na walang makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento sa tulang Dalit.

Batay sa naging resulta, maituturing na mabisa ang sabay na pagpapatugtog ng musika sa pakikinig ng tulang Dalit. Sinabi nina Ferlazzo at Sypnieski (2022), magandang pag-aralan ang partikular na panulaan na may kasamang musika. Sa pamamagitan nito, madaling maunawaan ang estilo, tono, at layunin ng akda. Minsan madaling maunawaan ang nilalaman ng tula kapag pinag-aralan kasabay nang pakikinig ng musika.

Ipinapakita sa Talahanayan 3.2 ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulang elehiya bago at pagkatapos ng eksperimento.

**Talahanayan 3.4. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Interpretatibong Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tulang Elehiya Bago at Pagkatapos ng Eksperimento**

| Kategorya | *Mean* | *t-value* | *p-value* | *Remarks* |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pag-unawa Bago ang Eksperimento | *5.35* | *9.938* | *0.000* | **Makabuluhan** |
| 2. Pag-unawa Pagkatapos ng Eksperimento | *7.06* | | | |
| ***Mean Difference*** | ***1.71*** | | | |

Sa Talahanayan 3.4 makikita ang resulta ng *t-test*. ang natamong *t-value* ay *9.938* samantalang *0.000* naman ang *p-value*. Dahil ang p-value ay *<0.05,* nangangahulugan itong may makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento. Ibig sabihin, pagkatapos sabayan nang pagpapatugtog ng musika ang pagbabasa ng Elehiya na tula ay nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kuha ng mga mag-aaral. Kung kaya, hindi tatanggapin ang *null hypothesis* na walang makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksperimento sa tulang Elehiya.

Batay sa naging resulta, maituturing na mabisa ang paggamit ng musika sa tulang Elehiya. Suportado ang resultang ito sa pag-aaral ni Vadivel (2021), sapagkat magkaugnay ang pagsasalita at musika, magkasabay ang dalawa na makaimpluwensya sa daanan ng kaalaman sa isip ng isang tao at may malaking papel na ginagampanan sa pakikipag-ugnayan.

**Ambag ng Musika sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Pinakinggang Tula**

Batay sa nakalap na mga impormasyon sa pakikipanayam, makikita sa Talahanayan 4 ang nabuong tema, pangunahing ideya, at dalas ng tugon tungkol sa pananaw ng mga mag-aaral sa ambag ng musika sa pag-unawa ng tulang napakinggan.

**Talahanayan 4. Ambag ng Musika sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Pinakinggang Tula**

| Tema | Pangunahing Ideya | Dalas ng Tugon |
|---|---|---|
| Nagpapanatili ng Pokus | Nakakawala ng Bagot | Pangkalahatan |
| | Nakapupukaw ng Atensyon | Pangkalahatan |
| Nagpaparelaks | Masarap sa Tenga Pakinggan | Pangkalahatan |
| Nakatutulong sa Pag-unawa | Tumatatak sa Isip | Pangkalahatan |
| | Nakakadagdag ng Emosyon | |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

Makikita sa talahanayan ang mga temang nabuo kaugnay sa ambag ng musika sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pakikinig ng mga tula—Nagpapanatili ng Pokus, Nagpaparelaks, at Nakatutulong sa Pag-unawa. Ang bawat temang ito ay nabuo batay sa mga nasuring pangunahing ideya sa ginawang transkripsyon ng mga datos na nakalap sa pamamagitan ng pakikipanayam mula sa mga kalahok ng pag-aaral. Narito ang isa-isang pagtalakay sa bawat tema:

**Nagpapanatili ng Pokus.** Malaking salik ng pagkatuto ng mga mag-aaral ang pagiging pokus sa talakayan sa loob ng silid. Ang pagiging pokus sa mga gawain ang magiging sandigan ng isang mag-aaral upang patuloy na makilahok sa talakayan, makinig, at pagbalewala sa mga bagay o pangyayari na nakakadisturbo sa kanya na nagiging salik sa mataas na antas ng pagkatuto.

Binanggit sa pag-aaral ni Orobia (2022) ang problemang kinakaharap ng mga mag-aaral dulot ng kabagutan at kawalan ng interes sa talakayan ng klase na nakakaapekto sa kanilang performans upang matutunan ang mga layunin sa pang-araw-araw kung kaya malaking hamon sa mga guro ang panatilihin ang interes at pokus ng mga mag-aaral.

Para sa mga kalahok na mga mag-aaral, naranasan nila ang mabagot sa klase na nakakaapekto sa kanilang pagkatuto ngunit ang pakikinig ng tula na may kasamang musika ay itinuturing nilang nakakawala ng bagot, at nakapupukaw ng atensyon kumpara sa tradisyunal na pakikinig lamang dito.

**Nakakawala ng Bagot.** Ang pagkabagot sa klase ay normal lamang na nangyayari at nararanasan paminsan-minsan ng mga mag-aaral sa alinmang asignatura at paksa. Upang maiwasan ito, ang paglalapat ng nakawiwiling estratehiya sa isang gawain ay kinakailangang pagtuunan din ng pansin ng isang guro. Isa sa mga dapat iwasan sa pagtuturo ay ang mabagot ang mga mag-aaral upang mapanatili ang pakikilahok nito sa klase at matamo pa rin ang tiyak na layunin lalong lalo na sa pagtuturo ng literatura upang hindi malimitahan ang isip ng mga mag-aaral sa paggalugad sa kahulugan at mensahe ng binabasang lunsaran. Sa mga lunsarang patula, mahihirapang maunawaan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa kahulugan at makuha ang mensahe nito lalo na kung sila ay nababagot sapagkat likas sa isang tula ang paggamit ng talinghaga. Katunayan, lumabas sa panayam na ang pagpapalutang sa emosyong namayani sa isang tula ang isa rin sa magiging susi upang matamasa ang kalagayang nais palutangin ng may akda sa hindi nakakabagot na paraan. Kung kaya, malaking salik sa pagkatuto ang alisin ang pagkabagot ng mga mag-aaral upang masaya pa rin ang karanasan sa pagkatuto ng paksang aralin. Ibinahagi ng mga kalahok sa isinagawang panayam na:

> *P5: "…mas nagustuhan ko po ang pakikinig ng tula na may musika kasi ako po kasi sir is hilig po ako sa music and music lover po ako so parang mas naenjoy ko pong pakinggan yung tula kasi para mas nadagdagan niya ng emosyon ang tula sir. So ayon po sir."* (P5, (Linya 15-18)
>
> *P5: "Ah para sa akin po sir yung may kasamang musika po sir kasi parang mas naenjoy ko po siya sir parang yung feeling po sir yung parang nakikinig ka gud ng radyo sir na drama na may kasamang musika sir."* (Linya 28-31)
>
> *P4: "Kanang ma-bored po ako po ako kaya dili maunawaan ko masyado ang nabasa."* (Linya 31-32)
> (yung nababagot po ako kaya hindi ko masyadong maunawaan ang binabasa ko)

Sa mga pahayag na nabanggit, ang paggamit ng musika ang sinasabi nilang mas nagpalutang pa sa emosyon ng tula na nakatulong sa pag-unawa nila rito. Nagustuhan din nila ang paggamit ng musika sapagkat naging mas kawiliwili ang kanilang pagkatuto sa paraang parang nakikinig lamang sila ng radyo na may kasamang musika habang pinapalutang ng musika ang emosyong namayani rito kung kaya mas madali nilang naunawaan ang kahulugan at mensahe ng tula.

Sa natuklasan sa pag-aaral ni Barahmeh et al. (2021), sa pangkalahatan nakakatulong ang musika sa proseso ng pagkatuto dahil masaya ito at malayo sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng anumang paksang aralin sa loob ng silid-aralan.

**Nakapupukaw ng Atensyon.** Ang pagpapanatili sa atensyon ng mga mag-aaral ang isa sa mga isinaalang-alang sa pagpili ng estratehiyang gagamitin ng guro. Malaking bagay ito sapagkat katumbas nito ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan at gawain. Kung ang isang mag-aaral ay hindi nakikilahok


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

sa mga gawain at talakayan sa klase, nangangahulugan lamang itong hindi siya natututo sa tiyak na layunin para sa aralin kung kaya ang pagpukaw sa atensyon ng mga mag-aaral ang isa sa mga susi upang matutunan niya ang paksang tinatalakay.

Ibinahagi ng mga kalahok sa isinagawang panayam na:

*P1:* *"...unang-una is ahh… nakatulong siya dahil nakapagpokus rin ako."* (Linya 22-23)

*P3:* *"Ah of course sir meron talaga. Malaking factors siguro sir because of the music mas napukaw yung atensyon ko sir. Like the use of music like… na caught n'ya yung attention and then syempre may attention na sir the pagbasa ng tula like mas ano na sya mas naintindihan ko na s'ya."* (Linya 21-25)

*P4:* *"Ah para po sa akin ang pakikinig… ang pakikinig na may kasamang musika dahil para sa akin na maliit ang attention span ko na mas nagawork ang 'pag may kasama…may kasamang musika..."* (Linya 16-18)

*P5:* *"…mas nabuhos po yung attention ko doon sa pagbabasa ng tula na may kasamang musika po kasi po sir parang feeling ko po sir isa syang malikhaing way para ma… para basahin po yung tula sir and para mas makinig po ako sir."* (Linya 21-24)

Sa mga pahayag na ito, makikitang nakatulong ang musika sa kanilang nakuhang iskor dahil napanatili nito ang kanilang atensyon sa pakikinig nang mabuti. Sa pakikinig nang mabuti, doon nauunawan ng lubusan ang kahulugan at mensahe ng tula na gustong iparating ng awtor.

Kaugnay rito, sa pag-aaral ni Jones (2020), kung saan ginamit ang musika na nagresulta sa pagsulong ng mataas na pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawain. Sa kabilang banda, naging positibo naman ang kuha ng mga mag-aaral.

**Nagpaparelaks.** Ang ingay na maririnig, mga nakikita sa paligid, maging sa mga iniisip ng mga mag-aaral na walang kaugnayan sa klase ay normal lamang na nararanasan kahit nasa loob ng paaralan. Ang pagpapakalma sa mga mag-aaral upang matuto ay isa sa mga paraan upang tanggalin ang mga balakid sa pagtamo nang lubusang pagkatuto. Kung maraming gumugulo sa isipan ng isang mag-aaral, mahahati ang kaniyang atensyon at mababawasan ang kaniyang pagtutok sa paksang dapat matutunan. Ang paggamit ng musika sa pakikinig ay nagdulot ng kaaya-ayang pakiramdam sa tenga ng mga mag-aaral kung saan nagresulta ng pagiging relaks ng habang nakikinig ng tula.

Ibinahagi ng mga kalahok sa panayam na:

*P3:* *"Ah for me ay para sa akin talaga sir ay may musika talaga. Nakakatulong siya para marelax yung utak mo sir na hindi sya makakuha ng ibang attention like nakapokus ka lang doon sa tula mismo sir."* (Linya 32-35)

*P2:* *"May kasamang musika po kasi ah mas soothing sa ears na may background music habang nakikinig sa tula kasi if wala po parang nabobored ka lang parang narinig mo lang parang mga sasakyan sa labas aside sa tula na naririnig."* (Linya 16-19)

Mapapapansin sa mga pahayag ang positibong resulta ng musika sa pagpapakalma sa isipan ng mga mag-aaral kung saan isa ito sa pangunahing dahilan upang maging mas tutok ang mag-aaral sa pagkatuto. Ang pagtutok ng isang mag-aaral sa pagkatuto ay nangangahulugang sinusubukan nito ang kaniyang makakaya upang maunawaan ang isang paksa. Samakatuwid, mas tinatangka ng mga mag-aaral na gamitin ang pinakamalalim na potensyal ng kanilang isipan upang maunawaan ang pinapakinggan.

Sa pag-aaral ni Li (2022), may malaking positibong epekto ang musika sa mga mag-aaral sa pagkakaroon ng positibong emosyon sa loob ng klase at nagpapababa sa pangamba na nagresulta sa masayang pakikilahok at pagkatuto sa pamamagitan ng mataas na antas ng pagtutok sa gawain.

**Masarap sa Tenga Pakinggan.** Ang bawat tunog sa paligid na naririnig ng isang tao ay maaaring makatulong o makagambala sa pagproseso ng utak upang maintindihan ang mensaheng nakapaloob sa isang diskurso. Sa paggamit ng musika sa pakikinig ng tula, natatakpan nito ang nakakadisturbong tunog


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

mula sa labas ng silid-aralan kaya napapaganda ang daloy ng tunog sa tenga ng mga mag-aaral sa pakikinig ng tula.

*P2:* ***"****May kasamang musika po kasi ah mas soothing sa ears na may background music habang nakikinig sa tula kasi if wala po parang nabobored ka lang parang narinig mo lang parang mga sasakyan sa labas aside sa tula na naririnig."* (Linya 16-19)

*P2:* *"…tulad sa walang music na rough yung mga background noise na marinig mo, ikumpara sa may musika sa background."* (Linya 32-34)

Kapag komportable ang isang tunog na pumapasok sa tenga ng isang tao, mas nakatuon ang kaniyang isipan sa pag-unawa sa mensahe kaysa sa pagtutuon sa mga tunog na nagiging sagabal sa malinaw na komunikasyon at pag-unawa sa mensaheng hatid dito. Malinaw na isinasaad na ang ankop na pagpili ng paglalapat ng musika at kung gaano ito kalakas ay nakatulong upang maihatid nang maayos ang mensahe ng pinapakinggang tula.

Sinabi sa pag-aaral nina Reybrouck et al. (2019), ang musika at tunog ay maaaring magdulot ng positibo at negatibong epekto sa isip ng isang tao. Nakadependi sa prikwinsiya ang magiging reaksyon ng isang tagapakinig na kung saan may dalawang antas ang paglalarawan, ang *physical-acoustic* at *subjective-psychological*.

**Nakatutulong sa Pag-unawa**. Higit na mahirap ang pakikinig sa tula kumpara sa kung babasahin ito sapagkat kung ang isang mag-aaral ang mismong babasa ng tula, makokontrol niya ang sarili kung gaano niya ito kabilis isagawa at kung may hindi naunawaan na ideya, maaari siyang tumigil sa bahaging iyon o balikan ang mga linyang hindi malinaw para sa kaniya. Dagdag pa riyan ang pagtataglay ng talinghaga ng isang tula at ang mga mensaheng nakapaloob dito ay karaniwang hindi binabanggit ng tuwiran kaya mas mababa ang tsansang maunawaan ito sa pamamagitan ng pakikinig lamang.

Ayon pa kay Mironova (2019), mali-mali ang mga sagot ng mga mag-aaral kung tatanungin ito tungkol sa nilalaman ng tula sapagkat nahihirapan silang unawain ito.

**Tumatatak sa Isip.** Upang mas maunawaan ang pakikinig ng isang tula, kailangan ang pagtutok sa bawat linya rito. Mas mapapataas ang atensyong ibinibigay kung mataas ang pokus ng tagapakinig. Sa ganitong paraan, mas tumatatak sa isip ng isang tao ang kahulugan at mensahe ng kaniyang pinapakinggan. Makikita sa mga pahayag sa ibaba ang epekto ng paggamit at di paggamit ng musika sa pakikinig ng tula ayon sa mga kalahok sa panayam.

*P4:* *"…nagawork ang 'pag may kasama…may kasamang musika dahil ah yung sa utak ko po mas kanang maremember ko na yun na part may kasamang ganun na musika."* (Linya 18-20)

*P5:* *"…parang nakikinig ka gud ng radyo sir na drama na may kasamang musika sir. Parang ganun po yung feeling ko sir. So parang mas nagretain po sa utak ko ang informations po sir."* (Linya 28-32)

*P4:* *"Dahil kung may musika para sa akin na maliit ang attention span ah mas mafeel… mafamiliarize ko po ang nabasang teksto. Kaya kung may musika mas nakahelp..."* (Linya 26-28)

*P1:* *"Ah parang hindi ko masyadong ma ah maano sir ma… tawag nito. Di ko masyado maintindihan po sir sa first po."* (Linya 27-28)

Mababatid na nakatulong ang musika sa mga mag-aaral upang maalala ang mga impormasyong nakapaloob sa pinakinggang tula at maging pamilyar sa kahulugan at mensaheng taglay nito kaya masasabing maganda ang paggamit ng musika sa pagpapaunawa ng tula at pagtukoy sa mensaheng gusto nitong iparating.

Kaugnay sa resulta ng isang pag-aaral, sinabi ni Barahmeh et al. (2021), may malinaw na magandang epekto ang musika sa isang tao sapagkat nakapagpapataas ito ng antas ng pag-unawa sa pakikinig.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Nakakadagdag ng Emosyon.** Malaking salik ng pag-unawa ang kasalukuyang emosyon ng isang tao habang nakikinig. Kung hindi makuha ng isang tagapakinig ang wastong emosyon ng pinapakinggan, maaari itong magdulot ng kalituhan na siyang nagpapabago sa kahulugan at mensahe. Sa kabilang dako, kung nagiging interesado ang tagapakinig sa kaniyang pinapakinggan, napapanatili nito ang diwa upang patuloy na tumanggap ng mensahe na hindi nababagabag ang isip. Ang emosyong nararamdaman ng isang tagapakinig ay dapat wasto rin sa emosyong pinapakinggan upang mabilis maiugnay ang kahulagan at mensahe na siyang isa sa mga salik sa mabisang pag-unawa. Kung sa gayon, malinaw na tungkulin din ng isang nagsasalita na palutangin ang wastong damdamin ng ipinapahayag upang mabilis itong matukoy ng tagapakinig para mas mapabilis ang pag-unawa sa pinapakinggan. Makikita sa pahayag sa ibaba ang malaking tulong ng musika sa pagpapalutang ng emosyong taglay ng isang tula ayon sa mga kalahok sa isinagawang panayam.

*P5:* *"…mas nagustuhan ko po ang pakikinig ng tula na may musika kasi parang mas naenjoy ko pong pakinggan yung tula kasi para mas nadagdagan niya ng emosyon ang tula sir."* (Linya 15-18)

Kung pagbabatayan ang pahayag sa itaas, masasabing malinaw na mas nabibigyang diin ang emosyon na taglay ng isang tula dahil sa musika. Ang emosyon ay isa sa malaking salik sa pag-unawa ng isang tula. Kung angkop ang nararamdamang emosyon ng mga mag-aaral sa pinapakinggang tula, mas mapapalalim pa nito ang ugnayan sa kahulugan at mensahe ng pinapakinggang tula na nagreresulta ng mas malalim na pag-unawa rito.

Ayon kina Vishnevskaia at Zhou (2019), nakaiimpluwensiya ang musika sa emosyonal na aspekto ng isang tao na nagreresulta sa pag-iisip ng malalim upang maunawaan ang tunay na kahulugan ng isang mensahe.

**Integrasyon ng Kwantitatibo at Kwalitatibong Resulta ng Pag-aaral**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *explanatory sequential mixed method* kung saan pinagsanib ang dalawang pamamaraan na kwantitatibo at kwalitatibo upang makita ang pagiging konsistent ng resulta ng datos mula sa kwalitatibong pamamaraan. Makikita sa resulta ng kawalitatibong pamamaraan kung sinusuportahan ba nito ang naunang datos at natuklasan sa kwantitatibong pamamaraan.

Makikita sa Talahanayan 5 ang integrasyon ng kwantitatibo at kwalitatibong resulta ng pag-aaral.

**Talahanayan 5. Integrasyon ng Kwantitatibo at Kwalitatibong Resulta ng Pag-aaral**

| Mga Indeykeytor | Kwantitatibong Resulta | Kwalitatibong Resulta |
|---|---|---|
| Antas Interpretatibong Pag-unawa ng Mag-aaral (Walang Musika) | Katamtaman (*mean score*: *4.71*) | Mahirap Maunawaan |
| | | Di Maganda Pakinggan |
| | | Nakakabagot |
| Antas Interpretatibong Pag-unawa ng Mag-aaral (May Musika) | Mahusay (*mean score*: *7.35*) | Nagpapanatili sa Pokus |
| | | Nagpaparelaks |
| | | Nakatutulong sa Pag-unawa |

Inilahad sa talahanayan ang magkaugnay na resulta ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraang ginamit sa pananaliksik. Sa tulang hindi ginamitan ng musika, katamtaman lamang ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ngunit naging mahusay ang antas ng interpretatibong pag-unawa pagkatapos gamitan ng musika ang pakikinig ng tula.

Lumabas naman sa resulta ng kwalitatibong pamamaraan na nahirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa pakikinig ng tula dahil nakababagot ito kung walang musika, hindi magandang pakinggan dahil humahalo ang ingay sa paligid at dahil dito mahirap maunawaan ang tula. Sa kabilang dako, sa pakikinig ng tula na may kasamang musika ay nagpapanatili sa pokus, nagpaparelaks, at nakakatulong sa pag-unawa kaya tumaas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Nang sinuri ang nakuhang iskor bago at pagkatapos ang eksperimento, natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba rito. Natukoy na ang musika ang naging malaking salik sa pagtaas ng iskor ng mga mag-aaral kung saan ito ay nagpapanatili ng pokus, nakakarelaks, at nakatutulong sa mabisang pag-unawa.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng mahahalagang implikasyon sa edukasyon. Ang integrasyon ng musika sa pakikinig ng tula ay maaaring maging epektibong paraan upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral na maging relaks ang kanilang isip, mapanatili ang kanilang pokus, at mas maunawaan ang kahulugan at mensahe ng tula. Ito ay nagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan na nagdudulot ng positibong epekto sa kanilang pag-aaral at pag-unlad.

Kung pagbabatayan ang Teoryang Schema ni Barlett (1932), ang pagpapaparelaks ng isipan at pagpapanatili ng pokus gamit ang musika ay nakatutulong upang mas madaling maiuugnay ng mga mag-aaral ang dati na nilang kaalaman at mas madaling maunawaan ang panibagong paksang tinatalakay. Malaki ang pagkakahawig nito sa gawain ng mga guro na kabilang sa banghay-aralin na tinatawag na *activating of prior knowledge.*

**Konklusyon**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, bago isinagawa ang eksperimento ay mahusay na ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng tulang pastoral. Sa kabilang dako, katamtaman naman ang kanilang antas ng pag-unawa sa tulang oda, dalit, at elehiya. Samantala matapos ang gamitan ng musika ang mga lunsarang tula, sa lunsarang pastoral, may pag-unlad ang kuha ng mga mag-aaral na kung saan may kaunting epekto at nakatulong ang musika sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pakikinig ng lunsarang ito. Sa lunsarang oda naman, mataas ang pag-unlad sa kuha ng mga mag-aaral kung saan masasabing malaki ang epekto ng musika sa pag-unawa ng lunsarang ito. Samantalang sa lunsarang dalit, ito ang lunsarang may pinakamataas na pag-unlad sa kuha ng mga mag-aaral kung saan labis na nakatulong ang musika sa pag-unawa sa kahulugan ng tulang ito. At sa lunsarang elehiya, mataas rin ang pag-unlad ang kuha ng mga mag-aaral kung saan nakatulong ang musika sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahulugan ng tula. Mula sa resulta, natuklasang may makabuluhang pagkakaiba sa kuha ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitan ng musika ang pagpaparinig ng mga tula. Sa Resulta ng pakikipanayam, ang paggamit ng musika ay nakatulong upang mas madaling maaunawaan ng mga mag-aaral ang tula nang lapatan ng musika sapagkat mas nakapokus sila, nakarelaks, at napanatili ang atensyon sa pakikinig na karaniwang balakid sa pagpapaunawa sa isang lunsaran. Kaya, masasabing epektibo ang paggamit ng musika sa pakikinig ng tula upang maunawaan ang mensahe at nilalaman nito

**Rekomendasyon**

Mula sa resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik na maaaring imungkahi ng Pamunuan ng Edukasyon sa mga punongguro na gamitin ng kaguruan sa pribado at pampublikong paaralan ang estratehiyang paggamit ng musika sa pagpapaunawa sa lunsarang tula. Maaari ring gamitin ng mga guro ang musika upang mapanatili ang atensyon, marelaks ang mga mag-aaral, at mapataas ang partisipasyon sa mga gawain sa pakikinig ng tula upang sa gayon mas madali itong maunawaan. Kung makikinig ng tula ang mga mag-aaral, maaaring gumamit ng musika sa pag-unawa ng nilalaman at pagkuha sa mensaheng taglay nito upang maiwasan ang pagkabagot habang natututo. At para sa iba pang mananaliksik, iminumungkahi na tutukan kung makakaapekto ba ang *multiple intelligences* at kasarian sa resulta ng pag-aaral at pag-aralan kung ano ang antas ng pag-unawa ang di gaanong umunlad at higit na umunlad sa paggamit ng musika sa pagtuturo ng tula.

**SANGGUNIAN**


Barahmeh, M. Y., Bsharat, T. R., & Turkman, J. M. (2021). The influence of music and educational songs on EFL students' achievement from their teachers' perspective in Jenin region. *African Educational Research Journal, 9*(2), 728–738.

Bartlett, F. C. (1932). *Remembering: A study in experimental and social psychology*. Cambridge University Press.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology, 3*(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa




ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Chi, C. (2024, December 6). Philippines still lags behind world in math, reading and science — PISA 2022. *Philstar.com*. https://www.philstar.com/headlines/2023/12/06/2319822/philippines-still-lags-behind-world-math-reading-and-science-pisa-2022

Degrave, P. (2019). Music in the foreign language classroom: How and why? *Journal of Language Teaching and Research, 10*(3), 412–420.

Department of Education. (2020). *The simple view of reading*. Infographics: Language and Literacy. https://readingwritingcentre.education.qld.gov.au/reading-writing%20disorders/Documents/simple-view-of-reading-infographic.pdf

Dzanic, N. D., & Pejic, A. (2019). The effect of using songs on young learners and their motivation for learning English. *NETSOL: New Trends in Social and Liberal Sciences, 1*(2), 40–54.

Ferlazzo, L., & Sypnieski, K. H. (2022). *The ESL/ELL teacher's survival guide: Ready-to-use strategies, tools, and activities for teaching all levels*. John Wiley & Sons.

Hoover, W. A., & Tunmer, W. E. (2020). Understanding reading development and difficulty. In *The cognitive foundations of reading and its acquisition: A framework with applications connecting teaching and learning* (pp. 89–115).

Jakubowski, M., Gajderowicz, T., & Patrinos, H. A. (2024). COVID-19, school closures, and student learning outcomes: New global evidence from PISA. *IZA Discussion Paper No. 16731*. https://doi.org/10.2139/ssrn.4696073

Jones, B. D. (2020). Engaging second language learners using the MUSIC model of motivation. *Frontiers in Psychology, 11*, 536436. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.536436

Li, D. (2022). Music therapy in mental health and emotional diversion of primary and secondary school students. *Occupational Therapy International, 2022*, Article 2678659. https://doi.org/10.1155/2022/2678659

Mironova, K. V. (2019). The principle of open individuality as a basis for teenagers' creative interaction with lyric poems. *Psychology in Russia: State of the Art, 12*(4), 135–147. https://doi.org/10.11621/pir.2019.0410

Orobia, J. A. (2022). Pag-unlad ng interes sa Filipino gamit ang Modified Video-Assisted Discussion (MVAD) sa birtuwal na espasyo sa bagong normal. *Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences, 20*, 99–115.

Reybrouck, M., Podlipniak, P., & Welch, D. (2019). Music and noise: Same or different? What our body tells us. *Frontiers in Psychology, 10*, 442524. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2019.01153

Sebastian, M. A. (2019). Using songs as springboard to teaching poetry and narratives towards improved comprehension. *International Journal of Academic and Applied Research*. https://ssrn.com/abstract=3639718

Vadivel, B. (2021). Using music for developing language skills in the English language classroom. *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education, 12*(12), 501–507.

Vishnevskaia, M., & Zhou, Z. (2019). The impact of using music and songs on teaching EFL in China by non-native English teachers. *Universal Journal of Educational Research, 7*(8), 1808–1813. https://doi.org/10.13189/ujer.2019.070812